Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Mayo 15, 1987

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 102, s. 1987

UNANG PAMBANSANG SEMINAR-KAPULUNGAN SA PAGTUTURO
NG NOLI ME TANGERE AT EL FILIBUSTERISMO SA ANTAS
SEKUNDARYA AT TERSIYARYA

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Pangulo ng mga Pampamahalaang Kolehiyo at Unibersidad
Mga Puno ng mga Pribadong Kolehiyo at Unibersidad

1. Ang Kapisanan ng mga Propesor sa Pilipino (KAPFIL) ay magdaraos ng seminar-kapulungan para sa mga guro, instruktor at propesor ng Kursong Rizal - Pagtuturo ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo sa antas sekundarya at tersiyarya sa Hunyo 19-20, 1987 sa Waldo Perfecto Seminar Room, De La Salle University, sa pakikipagtulungan ng Surian ng Wikang Pambansa at ng Kagawaran ng Kasaysayan, PPC.

2. Ang paksang-diwa ng seminar-kapulungan ay "Panibagong-tanaw sa Pagtuturo ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo sa Ilalim ng Bagong Administrasyon."

3. Mithiin ng seminar na:

a. masuri ang kahinaan at kalakasan ng pagtuturo ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo at malunasan ang mga problema at pangangailangan nito ayon sa hinihinging mga pagbabago ng Kagawaran ng Edukasyon;

b. mabigyan ang mga guro at instruktor/propesor ng bagong pananaw at pamamaraan sa pagtuturo ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo;

c. matalakay ang mga kahalagahang Pilipino na mahahango sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo upang maisilid ng mga guro ang mga ito sa kaisipan ng mga mag-aaral; at

d. makapagpakitang-turo sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo para sa kaalaman ng mga bagong guro ng Kursong Rizal at Panitikang Pilipino at bilang rebyu para naman sa mga datihan nang humahawak ng mga nasabing kurso.

4. Hinihiling na padaluhin sa seminar na ito ang lahat ng propesor/instruktor ng Kursong Rizal at Panitikang Pilipino ng mga kolehiyo/unibersidad upang makalahok at makinabang sa lahat ng isasagawang talakayan at pakitang-turo (demonstration teaching).

5. Ang bayad sa seminar na ₱150 para sa handouts at miryenda at ang bayad sa transportasyon ng mga kinatawang mula sa kanilang kolehiyo/unibersidad patungo sa De La Salle University, Maynila, at pabalik ay manggagaling sa pondong lokal ng kinauukulang kolehiyo/unibersidad.

(Lgd.) LOURDES R. QUISUMBING
Kalihim

Sanggunian:

Wala

Pamudmod: 1-2-3-4--(M.O. 137)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u>
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

- ✓ COMMUNICATION ARTS
- ✓ Course of Study, COLLEGIATE
- ✓ " " ", SECONDARY
- ✓ SEMINAR
- ✓ TEACHERS
- ✓ UNIVERSITIES and COLLEGES